Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Pagtukoy sa kasarian ng pangngalan

Talâ: pangngalan - *noun*, kasarian - *gender*

Panuto: Isulat sa patlang ang kasarian ng pangngalan na may salungguhit. Gamitin ang mga sumusunod na titik: PB (pambabae), PL (panlalaki), DT (di-tiyak ang kasarian), at WK (walang kasarian).

1. DT Malugod na nagpakilala ang bagong kapitbahay.
2. WK Ang alkansya na gawa sa kawayan ay puno na ng barya.
3. PL Suot ng binata ang pinakamagara niyang damit.
4. WK Ang mga lalaki ay dapat nakasuot ng barong Tagalog.
5. DT Nakaabang sila sa labas para batiin ang mga panauhin.
6. PB May pinadalang pasalubong ang ninang mo na galing sa Maynila.
7. DT Pinili siya na maging pangunahing artista sa isang pelikula.
8. PB Maghahanap ako ng magaling na modista para sa iyong kasal.
9. WK Narinig nila ang tunog ng kampana ng simbahan.
10. PL Dumaan dito kanina ang kumpare mo at hinahanap ka.
11. PB Nakatitig ang lahat sa prinsesa habang siya'y sumasayaw.
12. DT Sabik na sabik ang mga mamamayan sa pagbisita ng pangulo.
13. PL Ang lolo ni Lisa ay dating sundalo sa digmaan ng mga Kastila at Amerikano.
14. PB Kulay puti ang damit ng mga dalagita sa kasal.
15. WK Nakaabang na ang buong pamilya sa harap ng bahay.
16. PL Ang inspektor ay ang ginoo na nakatayo sa labas ng tanggapan.
17. WK Napakaganda ng mga bulaklak at halaman sa hardin ng plaza.
18. PB Laging sinusundan ng mga sisiw ang inahin.
19. DT Kinuha ng nars ang *blood pressure* ni Tatay bago siya binigyan ng gamot.
20. PL Maganda ang sermon ng pari kahapon sa misa.